REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Abril 20, 1998

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 160, s. 1998

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO AT PAGHAHANDA NG MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at Pambansang Samahan ng mga Manunulat ng Kagamitang Pampagtuturo (PASAMKAP) ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Filipino at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya sa Awdyo-Biswal ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Hulyo 1-3, 1998.

2. Ang paksang-diwa ng pambansang seminar-worksyap ay "Mga Mungkahing Gawain sa Binagong Kompetensi sa Elementarya, Sekundarya at Rehiyonal na Panitikan".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang ang dadalong kinatawan ay:

a. makatutuklas ng iba't ibang istratehiya sa pagtuturo ng pagsasalita, pakikinig, pagsulat at pagbasa sa tatlong antas;
b. makagagawa ng mga gawain mula sa bagong kompetensi sa Filipino sa antas elementarya at sekundarya; at
c. makakikilala ng iba't ibang paraan at simulain sa pagsasalin ng mga panitikang panrehiyon para sa antas tersyarya.

4. Inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng Kagawaran ng Filipino (SSHT), sinumang piling guro na nakatalaga sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo mula sa mga paaralang publiko at pribado ayon sa pahintulot ng direktor ng rehiyon. Maaaring dumalo ang mga guro sa/ng Filipino, sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras. Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain.

5. Manggagaling sa pondong lokal sa pasubaling may nakalaang pondo at sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang ibabayad ng bawat kinatawan na dalawanlibong piso (P2,000.00) para sa rehistrasyon, mga handouts, bag, at pagkain, 6 na miryenda at 3 pananghalian. Manggagaling sa pondong lokal ang halagang magugugol para sa transportasyon, papunta sa pagdarausan ng seminar-worksyap at pabalik sa sariling rehiyon, dibisyon o paaralan.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ERLINDA C. PEFIANCO
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS

Ikalawang Araw Hulyo 2, 1998

Umaga

Awit Pangmadla

PANAYAM 3

Mga Gawain sa Pagbasa sa Elementarya at Pakitang-turo

Malayang Talakayan

PANAYAM 4

Mga Mabisang Gawain sa Pagbasa sa Sekondarya

Pakitang-turo

Malayang Talakayan

Sintesis

Hapon

Awit Pangmadla

PANAYAM 5

Kasanayang Pag-aaral sa Elementarya at Sekondarya

Pakitang-turo

Malayang Talakayan

PANAYAM 6

Malikhaing Pagsulat Sekondarya/Tersyarya

Pakitang-turo

Malayang Talakayan

Sintesis

## Palatuntunan sa Filipino Seminar-Worksyap

Unang Araw Hulyo 1, 1998

Umaga

Pagpapatala

Panalangin

Pambansang Awit

Pagbati

Mensahe

Susing Talumpati

Oryentasyon ng Seminar

Hapon

PANAYAM 1

Mga Mungkahing Gawain sa Pagsasalita at Pakitang-turo (Antas Elementarya)

Malayang Talakayan

PANAYAM 2

Mga Mungkahing Gawain sa Pakikinig sa Antas Sekondarya

Pakitang-turo

Malayang Talakayan

Sintesis

Ikatlong Araw Hulyo 3, 1998

Umaga

Awit Pangmadla

PANAYAM 7

Pagsasalin sa Panitikang Patula at Tuluyan

Worksyap

PANAYAM 8

Mga Pagsasaliksik sa Filipino

Worksyap

Sintesis

Hapon

Awit Pangmadla

Paglalahad na Gawain

Ebalwasyon

Pagtatapos na Gawain

PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
Taft Ave., Manila

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO
"Mabisang Pagtuturo ng Filipino at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo"
ng
KAGAWARAN NG FILIPINO
Awditoryum, Pamantasang Normal ng Pilipinas
Hulyo 1-3, 1998

Lagyan ng tsek ( / ) ang bawat aytem kung kinakailangan upang maging patnubay sa susunod na seminar.

| Mga Aytem | Napaka-husay | Hindi Gaanong Mahusay | Hindi Mahusay |
|---|---|---|---|
| 1. Mga Layunin | | | |
| 1.1 Gaano kahusay ang pagtatamo ng mga layunin? | | | |
| 1.2 Paano naisagawa ang programa tatlong araw? | | | |
| 2. Mga Paksang Tinalakay | | | |
| 2.1 Paano nailahad ang mga paksang tinalakay? | | | |
| 2.2 Gaano kahusay ang ginawang pagtalakay sa | | | |
| 2.2.1 Susing Talumpati? | | | |
| 2.2.2 Mungkahing Gawain sa Pagsasalita at Pakitang-turo (Antas Elementarya)? | | | |
| 2.2.3 Mungkahing Gawain sa Pakikinig sa Antas Sekondarya? | | | |
| 2.2.4 Gawain sa Pagbasa sa Elementarya at Pakitang-turo? | | | |
| 2.2.5 Mabisang Gawain sa Pagbasa sa Sekondarya? | | | |
| 2.2.6 Kasanayang Pag-aaral sa Elementarya at Sekondarya? | | | |
| 2.2.7 Malikhaing Pagsulat Sekondarya/Tersyarya? | | | |
| 2.2.8 Pagsasalin sa Panitikang Patula at Tuluyan? | | | |
| 2.2.9 Mga Pananaliksik sa Filipino? | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **3. Worksyap/Pangkatang Gawain** | | | |
| **3.1 Paano naisagawa ang pangkatang-gawain?** | | | |
| **3.2 Gaano kahusay ang presentasyon ng mga gawain?** | | | |
| **4. Pakitang-turo** | | | |
| **4.1 Ano ang naging puna mo sa mga pakitang-turo?** | | | |
| **4.2 Paano binuo ang mga bagong gawain para sa kompetensi ng elementarya at sekondarya?** | | | |
| **5. Intermisyon** | | | |
| **5.1 Naging kalugud-lugod ba ang mga ipinakitang intermisyon?** | | | |
| **6. Akomodasyon** | | | |
| **6.1 Ano ang masasabi mo sa pinagdausan ng seminar?** | | | |
| **6.2 Gaano kahusay ang ginamit na mga pasilidad?** | | | |
| **6.3 Ano ang masasabi mo sa paghahanda ng pagkain?** | | | |
| **7. Pamamahala** | | | |
| **7.1 Naging maayos ba ang pamamahala ng bawat gawain?** | | | |
| **7.2 Sapat ba ang oras na ginugol sa bawat gawain?** | | | |

**8. Iba pang Puna/Mungkahi**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________